

1

Isang magdadapit-hapon na mamumula-mula ang sikat ng araw mula sa kanluran nang unang makita ni Carmina ang *Villa Consuelo*. Mula main gate ng *Bermuda Hills* ay nilakad na lang niya ang distansya patungo sa villa.

“Deretso ka lang,” anang guwardyang kanyang napagtanungan. “Yung malaking bahay sa pangatlong kanto sa may kanan ang pupuntahan mo.”

Sa mga naunang bahay pa lamang na kanyang nadaanan ay nahulaan kaagad niyang lubhang mayayaman ang mga nakatira sa lugar na iyon. Napakatayog ng mga pader at may security guards na nagbabantay sa tapat ng karamihan sa mga gate.

Overlooking Laguna de Bay ang lugar na iyon at napakapresko ng simoy ng hangin. Napakakulay ng paligid. Namumukadkad ang mga bougainvillaea sa tabing-daan at nagtataasan ang Indian trees. Sa dikalayuan ay natatanaw niya ang mga bahay na halos parang tsokolate ang kulay ng mga tisang bubong.

Parang nanliliit siya habang pinagmamasdan ang paligid. Bitbit niya sa isang kamay ang isang lumang

maleta na tagpi-tagpi na ang apat na sulok at sa isang kamay naman ay may hawak siyang bayong.

May nasalubong siyang magandang babae na may inilalakad na mabalahibuhing asong puti. Nginitian niya ang babae dahil iyon ang kaugalian sa lugar na pinanggalingan niya. Hindi siya pinansin nito at sa halip ay tinahulan siya nang tinahulan ng aso nito dahil isa siyang estranghero.

Lalong tumindi ang pangungulila ni Carmina. Parang nais na niyang bumalik sa kanila, manahimik at tiisin ang hirap ng buhay roon.

Pumunta siya sa Maynila para maging tagapag-alaga ng dalawang anak ng isang nagngangalang Jaime Augusto Sandoval. Sinulatan siya ng kanyang Tia Zeny para ipaalam na bakante ang posisyong iyon. Pero may halong babala ang liham nito.

Maging pasensyosa ka lamang at pakisamahang mabuti ang mga amo ay tatagal ka dito, anito sa sulat.

“Bakit hindi mo subukan?” payo ng ina niya. “Tatal ay mayordoma naman doon ang Tia Zeny mo. Mababantayan ka niya doon at mayroon kang kakampi sakali mang may umapi sa ’yo.”

Nais niyang kumita para may maipadala sa kanyang ina at maipantustos sa pag-aaral ng mga

nakababatang kapatid. Napakahirap ng maging panganay, naisip niya. Kailangan niyang isakripisyo ang sariling edukasyon para umangat sila sa buhay.

Kontento na sana siya sa buhay niya sa Tayabas, Quezon. Ngunit sa tuwing makikita niyang papasok sa paaralan ang mga kapatid na wala ni isang sentimo sa bulsa ay naaawa siya sa mga ito. Madalas ay ipinaglalaga na lang niya ng kamote ang mga ito para may ipamatid-gutom.

Kung nakatapos sana siya, paghihinayang niya. Second year siya sa kolehiyo nang mamatay ang kanilang ama. Huminto siya ng pag-aaral para tulungan ang ina sa pagtitinda sa palengke. Ngunit hindi sapat ang kinikita nila para mapakain ang lima pang nangagugutom na bibig.

Humigit-kumulang ay alam na ni Carmina kung gaano kagrande ang *Villa Consuelo*. Ngunit nang marating niya ang harapan niyon ay hindi lamang siya namangha, napanganga at nanlaki pa ang kanyang mga mata. Pigil-hininga siyang tumingala para tanawin kung gaano kataas iyon.

Nakaluklok sa isang maliit na burol ang villa. Napakalayo nito mula sa solidong narra na tarangkahan kung saan may nakabantay na guwardya.

“Ano’ng kailangan mo, Miss?”

“Ako ho ’yung pamangkin ni Aling Zeny,” tugon niya. “Ako ho ’yung—”

“Sige,” anito na hindi na siya pinatapos. “Tumuloy ka na lang.”

“Salamat ho.”

Binuksan ng bantay ang gate na pantao at pinatuloy na siya.

Muli na namang humanga ang dalaga dahil kasing-luwang ng mga kalye sa kanilang bayan ang driveway na papataas.

May isang katulong ang noon ay sumalubong sa kanya upang kunin ang kanyang maleta. Natira sa kanya ang bitbit na bayong ng mga gulay at prutas.

“Nasa loob ng bahay ang Tia Zeny mo at may inaasikaso,” anang katulong. “Ako nga pala si Azon.”

Ngumiti lamang si Carmina bilang tugon. Mas okupado ang utak niya sa kung ano ang makikita niya sa loob ng bahay.

At hindi siya na-disappoint. Hinigitan pa ng loob ng bahay ang magagarang mansyon na sa pelikula lamang niya nakikita. Malamang na mas malaki pa

ang banyo ng mansyon kaysa sa kanilang kakarampot na dampa sa probinsya.

Napakakintab ng marmol na sahig. Ang mga muebles ay pampalasyo talaga! May dalawang hagdanang marmol sa magkabilang bahagi ng bahay patungo sa pangalawang palapag. Naka-carpet na pula ang mga hagdanan at ang balustre niyon ay gawa sa narra.

Kasalukuyang may bumababang babae sa kanang hagdan. Napakaelegante nito.

Biglang ibinaba ni Azon ang maleta ni Carmina at nagmamadaling nagpaalam. “O sige,” anito. “D’yan ka na muna.”

Tumalilis na ang katulong at ikinasorpresa niya iyon. Dumating lamang ang amo ay kumaripas na ito.

Hinintay niya ang babae. Hawak pa rin ang bayong ng gulay at prutas, inihanda niya ang kanyang pinakamatamis na ngiti. “Magandang hapon po,” bati niya.

“Hmm,” sagot lang ng babae na nagtuloy sa gitna ng sala. “Pumarito ka!” kapagdaka ay utos nito nang nakaupo na sa sofa.

Tumalima siya. At palibhasa ay carpeted ang

bahaging iyon ng sala ay hinubad pa niya ang kanyang lumang sapatos.

Napataas ang kilay ng babae. *Probinsyana nga*, naisip nitong nakaismid pa.

Mula sa kanyang kinatatayuan ay napadako ang tingin ni Carmina sa napakalaking bintana na may nakabungkos na velvet na kurtina sa magkabilang gilid. Napakaganda ng view roon. Parang likidong pilak ang tubig sa Laguna de Bay.

“Ako muna ang bigyan mo ng atensyon!” muling utos ng babae. “Kapag kinakausap kita’y hindi dapat kung saan-saan gumagala ang iyong mga mata!”

Napalunok na bumaling siya sa babae. “Maganda po kasi ang tanawin sa bintana,” magalang niyang rason. “Hindi na po mauulit.”

Hindi man lamang siya inanyayahang umupo nito. Nangangatog pa naman ang kanyang mga tuhod dala sa gutom. Noon niya napansin na bitbit pa rin niya ang kanyang bayong. Ibinaba niya iyon.

“Ay, Tonta!” sukat na singhal ng babae. “Huwag mo d’yan ilagay ’yan!”

Nanginig siya sa pagkabigla. Sa pagkalito, imbis na damputin ang bayong ay natabig pa niya iyon,

dahilan para sumambulat ang mga laman niyon. May dala pa naman siyang bagoong na ang takip ay plastic na nilagyan lang ng rubber band. Nagkataon pang medyo maluwa ang pagkakaselyado niyon kaya tumagas ang laman ng bote. Umamoy ang bagoong sa buong sala!

Isang puting panyo ang kaagad na kinuha ng babae sa bulsa ng satin robe nitong suot at saka tinakpan ang ilong.

Galit nitong pinanood si Carmina na noon ay nagkumahog sa paghabol sa mga bayabas na nagsigulong na sa kung saan-saang dako ng sala.

“Zenaida!” malakas na pagtawag ng babae.
“Zenaida, pumarito ka nga!”

Lumabas mula sa komedor ang tiya ni Carmina.
“Bakit po, Ma’am Gemma?”

“Saksakan naman ng tanga itong pamangkin mo!”

Hindi tumugon si Aling Zeny. Tinulungan nito ang pamangkin sa pagdampot ng mga bilugang prutas na sumabog.

Nakaluhod pa ang magtiya sa sahig nang umalingawngaw ang tawanan ng mga bata.

“Hey,” anang batang lalaki na siyang naunang pumasok sa sala, “naghahanap din sila ng golf balls?”

“Baka marbles, Kuya,” sabi naman ng isang batang babae.

Isang kalamansi na lang ang huhulihin ni Carmina at tapos na siya. Bago siya tumindig ay napaangat ang kanyang mukha at direktang tumama ang paningin sa mukha ng pinakaguwapong lalaking kanyang nakita sa tanang buhay niya!

Nahihiyang tumayo ang dalaga. Noon naman ay naagapan na ni Aling Zeny ang umaamoy na bagoong.

“May naaamoy ka bang mabaho at nakatakip ka ng ilong, Gemma?” tanong ng lalaki. Napaka-cultured ng boses nito.

“What’s this, Daddy?” tanong ng batang lalaki na noon ay hawak ang isang sapatos ni Carmina at itinuro ng kaliwang hintuturo ang suwelang ng sapatos.

“Natuyong putik ’yan, James,” naiinis na sagot ni Jaime Augusto Sandoval. “Put that down! It’s not polite to poke on other people’s things.”

“Go to the bathroom now, James!” nandidiri namang utos ni Gemma sa bata. “Wash your hands

at mag-alkohol ka!”

“Mamaya na, James,” sabad ng ama ng bata. “I-welcome muna natin ang bagong dating.”

“Pero, Jaime,” protesta ni Gemma, “ang mikrobyo....”

“Marami na siyang nahawakang maduduming bagay sa golf course,” pakli ng lalaki. “That shoe won’t make any difference.”

“Ilalabas ko lang po sa kusina ang mga ito,” abiso ni Aling Zeny sa amo na dala ang bayong.

Sumenyas ng approval si Jaime. Mabilis na nagtungo sa kusina ang mayordoma.

Naiwan si Carmina na namumula sa hiya ang mga morenang pisngi. Sapo pa rin sa mga niya palad ang ilang pirasong kalamansi.

Lumapit naman ang batang babae sa kanya at hiningi ang mga iyon. “May I have them?” tanong nito. “Ilalagay ko na lang sa bulsa ko para hindi ka mahirapan.”

Hindi na hinintay ng bata na ibigay rito ang mga kalamansi. Isa-isa nitong kinuha ang mga iyon sa palad ni Carmina at isa-isa ring isinilid ang mga iyon sa bulsa.

“Katherine!” muling saway ni Gemma.

“Hayaan mo siya, Gemma,” sabi ni Jaime na natuwa pa sa ginawa ng anak.

Dumaan ang katahimikan.

“Well,” simula ni Jaime na nagtungo sa pinakamalaking sofa upang umupo sa gitna niyon. “Ikaw pala ang pamangkin ni Aling Zeny. Maupo ka.”

Itinuro nito ang bakanteng sofa sa kaliwa nito. Atubiling naupo si Carmina na kalahati lang ng pangupo ang inilapat sa sofa, deretso ang likod at inilagay ang mga kamay sa kandungan habang hinihintay ang susunod na sasabihin ng bagong amo.

Kinawayan ni Jaime ang mga anak para lumapit sa kanila. “Ito ang mga aalagaan mo,” anito. “Ito si James... at ito naman si Katherine.

Umupo sa magkabilang tabi ng ama nila ang mga bata.

Unang tingin pa lamang ay nakita ni Carmina na si Katherine ang may hawig sa ama at si James ay mas nahahawig sa babaeng masungit—kay Gemma.

Dagling napatingin si Carmina sa mantel sa may gitna ng dalawang hagdanan. May larawan doon ng isang napakagandang babae. Kahawig iyon ni Gemma

ngunit maamo ang mga mata at mala-anghel ang ngiti na nakabalatay sa mga labi nito. *Iyon kaya ang ina ng mga bata? Sino kung gayon si Gemma?*

“Gemma’s my sister-in-law,” sabi ni Jaime na sinagot ang katanungan sa kanyang isip. “Kapatid siya ng namatay kong asawa. Siya ang tumitingin sa mga bata lalo na kapag nilalayaan kami ng kanilang yaya.”

Humagikgik si Katherine. Inakbayan ito ng ama at saka pinisil sa ilong. “May pagkasalbahe ang mga ito,” kuwento pa nito. “Pero ang tangi mo lang gagawin ay siguruhing malinis ang kanilang pangangatawan, kumakain sila sa oras, bantayan sa kanilang paglalaro at ingatang huwag silang masaktan.”

Para may masabi naman siya ay nagtanong si Carmina. “Nag-aaral na po ba sila?”

“Si James ay grade one na sa pasukan,” sagot ng lalaki. “At si Katherine naman na magki-kinder ay pupuntahan na lang ng kanyang tutor dahil sabi niya, ayaw daw niya sa school.”

“Kasi ’yung girl sa school, hinatak ang buhok ko, ’tsaka kinuha ’yung baon kong chocolates, eh!” dagdag na kuwento ni Katherine na sumiksik pang lalo sa tabi ng ama. “Bibigyan ko naman siya, di ba,

Daddy?”

“I don’t believe you,” kontra naman ni James.
“Ang damot mo!”

“Hindi!” angal ni Katherine.

“Madamot ka!”

“Sinabing hindi, eh,” napipikong tugon ni Katherine. “Daddy, si Kuya, o?”

“James!” saway ni Jaime sa anak. “Behave!”

Natahimik ang mga bata.

“Siguruhin mo rin, Carmina, na hindi sila pakalat-kalat kapag may bisita tayo sa bahay,” patuloy ng lalaki. “Nakikisalamuha lang sila kapag kamag-anak ang mga bumibisita pero kapag hindi, dapat ay sa playroom lang sila.”

“Opo,” tugon niya. “Tatandaan ko po ’yon.”

“At kung may tanong ka pa tungkol sa mga gawain mo’y si Gemma na lang ang bahalang magsabi sa ’yo dahil walang kinalaman ang Tia Zeny mo pagdating sa pag-aalaga sa mga bata.”

Sinulyapan niya ang nakasimangot na babae.

“O, mga bata,” sabi ni Jaime na tumindig na,

“samahan n’yo sa magiging kuwarta niya si Carmina.”

Dagling tumalima ang batang si Katherine para lumapit sa kanya. Kumapit pa ito sa kamay niya at handa na siyang yakagin.

Si James naman ay sa tiya nito lumapit. “Sa itaas na matutulog ang yaya namin,” anito. “Hindi tulad n’ung dati na sa tulugan lang nina Azon.”

“Sa itaas?” takang tanong ni Gemma na napatingin kay Jaime at humihingi ng sagot.

“Yung guest room na pambata ang ipinahahanda ko kay Aling Zeny para sa kanyang pamangkin,” tugon ni Jaime. “Mas mabuting nandoon si Carmina para malapit siya sa tulugan ng mga alaga niya.”

Nasa pagitan kasi ng mga kuwarta nina James at Katherine ang nasabing silid.

“Halika na, Yaya Mina,” yakag ni Katherine sa dalaga. “Huwag na nating isama si Kuya James. Laging gusto niya kay Tita Gemma, eh.”

Dumila ang batang lalaki sa kapatid. “Eh, ano?”

“Samahan mo sila, James,” matigas na utos ni Jaime sa panganay.

Susukut-sukot na umalis sa tabi ng tiya ang bata

upang sundan sina Carmina at Katherine na noon ay nasa paanan na ng hagdan.

“Ikaw na ang bahala sa kanila, Gemma. I’ve got work to do.”

Iyon ang huling narinig ni Carmina bago sila nakaakyat ng mga bata sa itaas.

Natapos din ang unang kilalanan. Nalampasan din niya ang unang pagsubok na kahit nakakahiya ang simula ay alam niyang napagpasensyahan ng kanyang amo.

Napakabait nito. Iyon ang unang impresyon niya kay Jaime Sandoval. Iba ang kabaitan nito—kabaitan na mahirap makita sa tulad nitong mayayaman.

Mukhang bata pa ang kanyang amo. *Siguro’y mga treinta, humigit-kumulang. At napakaguwapo pa!*

Sigurado kaagad si Carmina na wala siyang magiging problema sa amo. Ngunit isang tinig sa likod ng kanyang isip ang bumulong: *Mag-ingat ka sa tiya ng mga alaga mo!*

2

Nang gabing iyon, buong ingat na nahiga sa malambot na kama si Carmina, asiwa dahil kahit kailan ay hindi pa siya nakahiga sa ganoon kalambot na kama. Hindi bagay ang kanyang duster na pantulog para sa silid na iyon. Pakiramdam niya ay si Prinsesa Gusgusin siya. Walang bagay sa silid na yaon ang hindi niya naibigan. Lahat ay nakakalula! Parang isang panaginip na ayaw na niyang makagisingan pa.

Pagkatapos niyang maghapunan kasama ng iba pang mga katulong sa villa ay ipinatawag siya ni Gemma.

Nasa komedor ang babae. Napansin niyang bakante ang kabisera ng hapag-kainan. Ang ibig sabihin ay hindi doon naghapunan si Jaime.

“Saang probinsya ka galing, Carmina?” tanong ni Gemma.

“Quezon po,” sagot niya. “Tayabas.”

“Natapos ka ba kahit high school?”

“Second year college po.”

Napatango ito, nilimi kung ano ang susunod na

itatanong. “Ilang taon ka na?”

“Beinte uno po.”

“May nobyo ka na?”

“Wala pa po.”

“Bakit wala?” tanong nito, sabay titig sa kanya. “Sa palagay ko nama’y kahit ang pinakaordinaryong dalaga sa lugar ninyo’y may nanliligaw!”

Hindi siya sumagot.

“Alam mo,” sarkastikong sabi nito, “kung dito ka maghahanap ng manliligaw ay kalimutan mo na.”

“Hindi naman po ako naparito para magpaligaw—”

“Hindi pa ako tapos!” putol nito. “Ang ibig kong sabihin, sa edad mong ’yan ay hindi malayong may mga romantiko kang iniisip kaya huwag mo nang isipin na may matatagpuan kang eligible bachelor dito!”

Napakunot-noo si Carmina, hindi mawari kung bakit ganoon ang tema ng sinasabi ng babae. Ang mga bagay na iyon ay personal na.

Maganda sana si Gemma kung di matalim ang mga mata nito, obserbasyon niya. Ngunit para sa kanya ay bale-wala ang gandang iyong kung hindi

nahahaluan ng magandang asal.

Tila hindi siya marunong ngumiti, sa loob-loob niya.

Maraming itinanong ang babae tungkol sa kanyang mga magulang, mga kapatid, kabuhayan; pati ang kutis niya ay pinansin nito. “Mabuti’t hindi ka masyadong maitim kung nakikihakot ka pala ng kopra sa probinsya n’yo!”

“Iniingatan po ni Inay sa langis ng niyog ang aking balat dahil ako na po ang pinakamaputi sa aming magkakapatid,” tugon niya. “May ninunong Kastila po si Inay kaya medyo daw po napatangos ang ilong ko.”

“Hindi ko tinatanong ang tungkol sa ninuno ng ina mo,” nakaismid na sabi nito.

Mabait si Carmina kung sa dilang mabait ngunit sa mga sandaling iyon ay nais niyang lamutakin ang magandang mukha ng hipag ng kanyang amo.

Sino ba siya para interview-hin ako ng gan'on? tanong niya sa isip habang nakahiga na sa kama. Hindi naman siya ang amo ko!

Pero bakit ba niya sisirain ang kanyang unang gabi sa *Villa Consuelo*? Nagagandahan siya sa kanyang

paligid. Saang kamay ng Diyos niya hahanapin ang ganoon kaginhawang higaan at silid? Napakasuwerte niya kung tutuusin.

Ayon pa sa kanyang Tia Zeny ay mas mataas sa ordinaryong katulong ang kanyang susuwelduhin dahil dalawa ang kanyang aalagaan. Hindi na masama iyon.

May ngiti sa mga labing nakatulog ang dalaga.

Nagising si Carmina kinaumagahan sa mga katok sa kanyang pinto.

“Yaya Mina! Yaya Mina!” tawag ni Katherine.

Hindi pa mandin siya nakakabangon ay nasa paanan na ng kama ang bata.

“Gusto nang lumabas ni Holly,” anito na namimilog ang mga mata.

Napangiti siya. “Magbibihis lang ako sandali, ha?”

“Sige, hihintayin kita. ’Tapos ay ako naman ang bihisan mo,” tugon nito.

Tinungo ni Carmina ang closet. Hindi niya alam na sinundan pala siya ng bata. Napasimangot ito dahil

halos walang laman ang kanyang lagayan ng damit. Sa ibabang bahagi naman ay nandoon ang lumang sapatos na hinawakan ni James noon.

Napakagat-labi ang bata; may nabuong ideya sa murang isipan nito. Nagbalik ito sa kama upang hintaying matapos ang yaya.

“O, tapos na ako,” sabi ng dalaga pagkagaling sa banyo. “Halika na sa kuwarto mo.”

Nang binibihisan na niya ang alaga ay pumasok sa silid si Jaime.

Katatapos pa lang niyang i-tuck in ang kamiseta ni Katherine sa pambatang tennis skirt, at handa na ang medyas at rubber shoes nang kaagad tumakbo ang bata sa may pintuan upang batiin ang ama.

“Saan ang lakad ng prinsesa ko?” tanong ni Jaime nang hagkan ito ng anak sa pisngi.

“Ilalakad namin si Holly, Daddy,” sagot ng bata na nagbalik sa pagkakaupo sa tabi ng kama upang ipasuot ang mga medyas at sapatos nito. “Holly likes to walk,” sabi pa nito na ang tinutukoy ay isang aso. “Gusto niya, malayo ang nilalakad namin. Pero si Kuya James, ayaw ng malayo.”

Nangiti si Jaime sa kadaldalan ng anak na babae.

Napabaling ang tingin nito kay Carmina na noon ay nakasuot ng kanyang uniporme bilang yaya.

“Hindi yata ak mang pang-exercise ang suot ng Yaya Mina mo, Katherine?” ani Jaime. “Dapat ay naka-t-shirt din siya, jogging pants at rubber shoes para komportable siya sa paglalakad.”

“Wala po akong ganoong klase ng damit,” pakli niya na napatingala sa amo.

Noon napansin ni Jaime na napakaganda pala ng mga mata ng dalaga. Parang mas maputi rin ito kaysa noong unang araw na makita niya; nakatali na ang makintab nitong buhok.

“Wala siyang magandang damit, Daddy,” sabad ni Katherine. “Nakita ko ’yung closet n’ya, parang walang laman. ”Tapos, iisa lang ang shoes n’ya. Ibili mo siya, Daddy.”

“Sino ang ibibili? Ano ang bibilhin?” Siyang pasok ni James na noon ay bihis na at tila may ibang pupuntahan.

“O, akala ko’y ilalakad n’yo si Holly?” tanong ni Jaime na yumukod upang hagkan ang anak na lalaki. “Bakit hindi ka naka-rubber shoes?”

“Isasama ako ni Tita Gemma sa town, Daddy,”

sagot ng batang lalaki. “May bibisitahin daw siya.”

Napasimangot ang ama nito. “You should be with your sister. Dapat ay palagi kayong magkasama habang bakasyon pa. When classes begin, maiiwan mo na palagi si Katherine.”

“But she’s a cry baby!” angal ni James. “Palagi siyang pikon. And she doesn’t like Tita Gemma.”

“Okay, puwede kang sumama ngayon sa Tita Gemma mo,” suko ni Jaime para wala nang masyadong diskusyunan. “Pero simula bukas ay kailangang kung saan ka nandoon ay nandoon din si Katherine.”

“Halika na, Katherine,” yaya ni Carmina sa bata. “Naghihintay na si Holly.”

Ipinasyal nila ang aso sa palibot ng *Bermuda Hills*. Nasalubong muli ni Carmina ang babaeng nginitian niya nang unang araw niya roon.

Lalampasan sana sila ng babae ngunit bigla itong bumuwelta. “Hindi ba anak ni Jaime Sandoval itong batang ’to?” tanong nito na nakatingin kay Katherine.

“That’s right,” tugon ng bata dahil nakatingin lang ang yaya nito sa babae at tila walang balak magsalita. “You know my father?”

Lumuhod ang babae sa harapan ng bata at pinisil ang cute nitong baba. “He’s my friend,” anito. “Tell your father that Trisha says hello, hmmm?”

Pagkasabi niyon ay tumindig na ang sexy na babae at pinukol ng antipatikang tingin si Carmina.

Hindi nakaligtas sa dalaga ang tingin na iyon. Nagtaka lamang siya kung bakit ganoon ang trato nito sa kanya.

Buong akala ni Carmina ay hindi na nila dadatnan ni Katherine sina Gemma at James sa bahay pero nandoon at naghihintay sa sala ang magtiya.

“Pumarito ka nga, Carmina!” salubong ng babae.

Iniabot ng dalaga ang dulo ng kadena ng aso kay Azon na noon ay sumalubong sa kanila sa pinto.

“Bakit po, Ma’am Gemma?” tanong niya.

“Ang kapal din naman ng mukha mo para magpabili ng damit sa aking bayaw, ano?”

“Ho?” Napanganga siya sa narinig. “Hindi naman po ako—”

“Kaya pala panay ang pa-sweet mo kay Katherine, para mauto mo ang bata!” akusa pa nito. “Hala,

ngayon di'y magbalot-balot ka na't bumalik ka na sa pinanggalingan mo!"

Hindi nakakilos si Carmina. Ano ang nagawa niyang kasalanan para paalisin nang ganoon na lamang?

Napatingin siya kay James na noon ay nakaupo sa tabi ng tiya nito. Malikot ang mga mata ng bata at may salbaheng ngiti sa mga labi nito.

Palibhasa nandoon din si Katherine, narinig nito na pinapalayas na ng tiya nito ang yaya. "No, Tita Gemma," anang batang babae na tumakbo sa kanya at yumakap sa baywang niya. "Hindi aalis si Yaya Mina! I like her. Wala kasi siyang magandang damit, so I told Daddy!"

"Tingnan mo kung ano ang impluwensyang ginawa mo sa batang isip n'ya?" sabi ng babae na tumindig upang hatakin palayo ang pamangking babae sa tagapag-alaga. "Alam mo kasing madaling utuin ang ganyang edad, ano?"

"Hindi po," mahina niyang sagot.

Umiiyak na si Katherine. Nang sulyapan pa nito ang kapatid na didila-dila ay biglang may nabuong pasya sa murang isip nito. "Tatawag ako kay Daddy..." anitong lumapit na sa telepono.

“You will do nothing of the sort, Katherine!”

“I will call Daddy!” hiyaw ni Katherine ngunit sa takot sa tiya ay hindi nakalapit sa telepono. Sa halip, napatakbo ito patungo sa komedor. “Nana Zeny!” malakas na tawag nito. “Nana Zeny!”

“Tingnan mo kung anong gulo ang dala mo sa pamamahay na 'to?” singhal ni Gemma.

Nakapagpasya na si Carmina. Mababaw ang pagkatao niya kung patatalo siya. “Hindi po ako aalis na hindi nakakapagpaalam kay Sir Jaime,” aniya. “Siya po ang amo ko; siya po ang magpapaalis sa akin.”

Lumabas mula sa komedor si Aling Zeny. “Ano po ang nangyayari, Ma'am Gemma?”

“Itong pamangkin mo, Zeny,” mataras na sagot ni Gemma. “Kabago-bago pa dito'y inutusan si Katherine na ibili siya ng damit ni Jaime. Tama ba naman 'yon?”

Takang napatingin si Aling Zeny sa pamangkin.

“Pero dahil marami ngayong problema si Jaime'y hindi ko ito ipaaabot sa kanya.” Biglang bumaba ang tono ng babae. “Sabihan mo na lang 'yang pamangkin mo, Zeny, na huwag siyang maging adelantada!”

Lumapit sa likuran ng pamangkin ang mayordoma

at saka sumagot. “Opo, opo!”

Ang simpatya nito ay nasa pamangkin pa rin dahil kabisado nito ang ugali ng hipag ng amo. Pagkatapos ay bumulong ito kay Carmina, “Ginawa mo ba talaga ’yon?”

Hindi siya sumagot. Ayaw niyang madamay ang kanyang tiya sa gulo. Kakayanin niya ang problema nang mag-isa. “Hindi lang po siguro kami nagkaunawaan, Tia,” sabi na lang niya na tumitig kay James.

3

“Marami akong naipong pangdiskuwento, Mina,” ani Aling Zeny na iniabot ang mga iyon sa pamangkin. “Pagpunta mo sa bayan ay dumaan ka sa supermarket at mamili ka ng gamit mong pangkatawan.”

Natanggap na ni Carmina ang kauna-unahan niyang suweldo pero hindi ang kung anu-anong kaartehan sa katawan ang kanyang naiisip na bilhin. “Ipadadala ko ho ang buo kong suweldo kay Nanay.”

“Hindi masama ’yang iniisip mo,” payo ni Aling Zeny na tinapik ang kamay ng pamangkin. “Pero magtira ka naman kahit konti para sa sarili mo.”

Tumutulong noon sa gawaing-kusina si Carmina dahil sumama ang dalawa niyang alaga sa kanilang ama sa golf course. Kasama rin ang tiya ng mga ito.

“Marami nga ho akong balak bilhin,” aniya. “Pero baka sa susunod na suweldo na lang.”

“Hay naku! Masyado kang mabait,” puri ni Aling Zeny sa pamangkin. “Pareho kayo ng ugali ng namatay mong ama. Ganyang-ganyan ang kapatid kong iyon nang hindi pa niya napapangasawa ng nanay mo. Masama pa nga ang loob niya noon nang

hindi na siya makapagbigay sa mga lola mo dahil nagkasunud-sunod kayong magkakapatid. Noong iisa ka pa lang ay nakakapag-abot pa siya sa lola mo.”

Hindi na bago ang kuwentong iyon kay Carmina. Nakuha nga niya ang ugali ng ama.

“Kaya ikaw,” bilin pa nito, “pag nag-asawa ka na, huwag mong dadamihan ang anak para hindi kumupas agad ’yang ganda mong namana sa iyong ina. Buti kung mayaman ang iyong mapapangasawa at magiging maginhawa ka hanggang pagtanda mo.”

“Wala pa ho sa isip ko ’yan,” pakli niya habang pinupunasan ang ibabaw ng mesang gayatan.

“Hindi na ganyan ang masasabi mo kapag nalaman mong sinabi ni Sir Jaime na may hitsura ka daw.”

“Ho? Sinabi n’ya iyon?”

Namula ang mga pisngi ng dalaga. Kung ang hardinero o kaya ang driver ang nagsabi niyon ay wala siyang magiging reaksyon. Pero si Jaime Augusto Sandoval?

Kaagad niyang isinasantabi ang nakakakilig na isipin. Nasabi lang iyon ng kanilang amo para may masabi lang, sabi niya sa isip.

Mabait talaga si Jaime. Puno ito ng konsiderasyon sa mga taong naninilbihan dito.

Tulad nga nang araw na iyon na imbis na nasa pangangalaga niya ang dalawang bata ay isinama ng ama ang mga ito. Kung may pagkakataon ay nais ni Jaime na kapiling ang mga anak nito.

“Para makapag-day-off naman ang pamangkin mo, Aling Zeny,” sabi nito nang umagang iyon bago umalis patungong golf course. “Alam kong hindi biru-biruan ang alagaan ang dalawang ito lalo na si James.”

Si James na naman ang napuna. Malaking kuwestyon kay Carmina kung bakit hindi malapit si James sa ama nito.

Ang isiping iyon ang nagbunsod sa kanyang mag-usisa sa tiya. “Tia, bakit dito nakatira si Ma’am Gemma?”

Napasimangot ang matandang dalaga. “Hmp, ewan ko ba kung bakit nanikit na dito ang babaeng iyon!” sagot nito.

“Noong kamamatay pa lamang ni Ma’am Judith ay padalaw-dalaw lang siya,” patuloy nito. “Sumunod ay mga dalawa o tatlong araw na kung mamalagi dito sa *Villa Consuelo*. Nagkasakit noon si James at siya

ang nagbantay sa bata sa ospital hanggang mailabas at maiuwi dito. "Tapos ay kinausap niya si Sir Jaime na ayaw na daw siyang pauwiin ni James. Malapit ang batang iyon sa kanyang tiya. Marahil ay sabik sa kalinga ng ina. May isip na si James nang mamatay ang ina niya sa aksidente."

Iyon ang misteryong hindi pa niya nauunawaan. Hindi masyadong nababanggit sa bahay na iyon ang namatay na asawa ni Jaime.

"Malayo ang ugali ni Judith kay Gemma," kuwento pa ni Aling Zeny. "Parang isang santa si Judith. Kahit naiintriga na may ibang babae si Sir Jaime ay wala siyang kibo. Ni hindi ko nga narinig na mag-away ang mag-asawang 'yon. Abala si Ma'am Judith sa mga anak niya."

"Hindi ba kasama si Sir Jaime nang maaksidente si Ma'am Judith?" tanong niya.

"Iyon nga ang nakapagtataka, eh," tugon ni Aling Zeny. "Ang alam ko, marunong mang magmaneho si Ma'am Judith, takot at mahina ang loob niya kapag nasa manibela na. Nalaman na lang namin nang madaling-araw na 'yon na umalis siyang nag-iisa. Kinaumagahan ay may mga pulis na dito para ipaalam kay Sir Jaime na nahulog sa isang bangin sa highway ang bagong kotse nila at patay na

si Ma'am Judith.”

“Umiyak ba si Sir Jaime?”

“Kung umiyak man siya’y hindi namin nakita,” sagot nito na inilapag ang mga gagayating karne at gulay sa mesa. “Ay naku, ano ba ang mga naikukuwento ko!”

Tumulong na rin siya sa paggagayat.

“Nariyan na sila!” bungad ni Azon na humahangos na pumasok ng kusina. “At may kasama pang bisita!”

“Tulungan mo na lang si Azon na mag-serve ng maiinom, Mina. Hindi ko puwedeng iwanan ang mga ito,” ani Aling Zeny sa kanya.

Sumama siya sa katulong para madaliang ihanda ang mga inumin.

Si Azon ang may dala ng tray ng cookies at sandwiches habang tulak ni Carmina ang trolley ng mga baso at juice.

Kaagad hinatak ni Azon sina James at Katherine sa may bar at doon sinilbihan ng merienda. Naiwan siya para silbihan ang mga nakatatanda.

“Nag-improve yata ang laro mo, Jaime,” anang bisitang lalaki na nakaupo sa pang-isahang sofa at

nakade-kuwatro. Kumikinang ang malalaki nitong singsing sa mga daliri.

“Constant practice lang ang sekreto ko, Aris,” tugon ni Jaime na kinuha ang inumin mula sa dalaga. “Salamat, Mina.”

“Pero muntik ka nang malaglag sa lagoon sa ninth hole,” dagdag naman ni Gemma na bibung-bibo.

“Ah, iyon ang tinatawag na miracle,” natatawang pakli ni Jaime.

“No,” dagdag ni Aris. “That is what you call devil’s luck!”

Nagtawanan ang tatlo.

Kasalukuyang sinisilbihan ni Carmina si Gemma nang muling magsalita si Aris Ocampo.

“May hitsura ang bago n’yong household help.”

Palibhasa ay direktang nakaharap ang dalaga kay Gemma kaya nakita niya ang pag-ismid nito. Tumalim na naman ang mga mata ng babae.

“Bilisan mo d’yan at lumabas ka na sa kusina,” mariin nitong bulong para hindi marinig ng bayaw.

Walang lingon-likod na itinulak niya ang trolley

pabalik sa komedor.

“She’s something,” sabi pa ni Aris kay Jaime na humingi ng ayuda. “Hindi ba, Pare?”

Ngumiti lang si Jaime.

“Ah... mabalik tayo d’un sa balak n’yong salihang tournament,” sabad ni Gemma para mapunta sa kanya ang atensyon ng dalawang lalaki. “Itutuloy n’yo ba? Hindi ba masyadong hectic ang schedule n’yo sa trabaho?”

“Iyon nga ang iniisip ko, eh,” tugon ni Jaime. “Pero itong si Aris ay malamang na makasali dahil poporma na naman ’yan sa ladies of the greens.”

“Of course, Jaime,” tugon nito na sinusundan pa rin ng tingin ang direksyong pinuntahan ni Carmina. “Ano pa ba naman ang gagawin ng mediocre golfer na katulad ko kundi ang gamitin ang pinakamalakas kong asset?”

Sinundan ni Katherine ang yaya sa kusina.

“Yaya Mina,” anito na nanguyapit sa palda ng dalaga. “Sabi ni Daddy, sasamahan mo daw kami ni Kuya James sa *Shangri-La* mamayang hapon.”

“Bakit daw?” tanong ni Carmina. “Ano’ng gagawin natin d’on?”

“Manonood daw tayo ng palabas ng... ano ba’yon?”

Nakalimutan ng bata kung ano ang pangalan ng kompanyang nagpapalabas sa teatro.

“Baka sine,” tugon ni Aling Zeny sa bata.

“Hindi!”

“Iyong siguro’yung nabasa ko sa diyaryo ngayong umaga,” sabi niya na naalala ang advertisement ng *Repertory Philippines*. Noong nag-aaral pa siya sa kolehiyo ay kasali siya sa grupong pangteatro ng kanilang paaralan. “May musical silang pambata ngayon.”

“Aba, dapat ay may maayos kang damit,” sabi ni Aling Zeny sa pamangkin. “Alangan namang ganyan ka lang at maiwan sa labas para maghintay.”

“Baka gan’on na nga ho,” tugon niya.

“No,” sabad ni Katherine. “Kapag kasama si Daddy ay kasama rin sa loob si Yaya Mina. Pero kapag si Tita Gemma ang kasama ay hindi.”

Natawa si Aling Zeny sa sinabi ng bata. “Diyaskeng

bata ito!” anang mayordoma. “Marunong nang mag-obsesba kahit maliit pa.”

“Hey, Katherine,” tawag ni James mula sa pinto ng kusina. “Tawag tayo ni Tita Gemma. Lagot ka, nakikipagkuwentuhan ka na naman sa mga katulong!”

Naningkit ang mga mata ni Carmina sa narinig. Bakit ganoon na lang ang trato ng bata sa kanilang mabababa? Hindi naman ganoon ang ama nito.

Naisaksak niya sa isip na maging misyon na baguhin ang pag-uugali ng panganay ng amo. Alam din niya na hindi ang bata ang problema kundi ang tiya nito. Hindi pa huli ang lahat para kay James.

Laking tuwa ni Katherine dahil kasama ang daddy nito sa pagpanood sa teatro.

Napahangos sa may kusina si Carmina nang sabihan siya ni Jaime na, “O, magbihis ka na at sasama ka sa amin.”

“Ano po ang isusuot ko, Tia Zeny?” worried niyang tanong. “Alam n’yo namang bukod sa uniporme ko bilang yaya’y nanlilimahid na at pulos luma ang mga damit ko. Ni wala akong maayos na sapin sa paa.”

Napailing si Aling Zeny, isinasantabi ang kung anumang ginagawa at hinatak ang pamangkin sa

linen room kung saan nandoon ang mga itinago nitong lumang damit ng namatay na amo.

“O, mamili ka ng babagay sa ’yo,” anito na binuksan ang isang drawer. May binuksan pa itong cabinet na kinalalagyan ng mga sapatos ni Judith. “Sa tingin ko’y kakasya sa ’yo ang mga sapatos ni Ma’am.”

Napanganga siya sa nakitang mga damit. “Bakit nandito sa ibaba ang mga ito?” tanong niya.

“Wala nang maraming tanong,” tugon ng tiya. “Basta pumili ka na lang ng bagay sa ’yo at bilisan mo ang pagbibihis dahil istrikto sa oras si Sir Jaime.”

Kasabay ni Carmina si Katherine na bumaba, naroon na at naghihintay sina Jaime, Gemma at James sa sala.

Lumunok muna ang dalaga bago bumaba ng hagdan, nabitin ang hininga dahil nakatingala sa kanila si Jaime pero sa kanya ito nakatingin.

Kung nagulat man ang lalaki pagkakita sa kanya na suot ang pamilyar na damit ay hindi ito nagpahalata. Kaagad itong nagyaya sa labas kung saan naghihintay ang sasakyan.

Na-conscious na naman si Carmina sa matalim na tingin na ipinukol sa kanya ni Gemma.

“Don’t tell me, Jaime, na ibinili mo ng damit si Carmina?” tanong nito nang pasakay na sila sa kotse. May halong parunggit iyon sa kanya.

Nakatitig sa kanya ang lalaki nang sumagot. “Oo, ako nga ang bumili niyan,” anito habang pinagmamasdan ang tagapag-alaga na nakaalalay sa anak nitong babae.

Nang gabing iyon pagkagaling sa *Shangri-La Plaza* ay hindi mapakali sa kanyang higaan si Carmina. Binalikan niya sa isip ang mga pangyayari nang hapon na iyon.

Pagkatapos manood sa teatro ay nagtuloy sila sa isang class na restaurant. Ramdam niyang ginagawa lahat ni Gemma ang paraan para magmukha talaga siyang katulong.

Nakaabrisiyete ang babae kay Jaime at mukhang mag-asawa ang mga ito samantalang si Carmina ay nahuhuli at akay sa magkabilang kamay ang dalawang bata. Napakahirap pa namang sawayin ni James.

“Gusto ko kay Tita!” Pilit itong kumawala sa pagkakahawak niya.

“Stop it, James,” saway niya sa alaga na nasorpresa sa sarili dahil noon lang niya ito nasaway na Ingles ang kanyang ginamit. At may diin din ang kanyang pagkakasabi niyon.

Natahimik si James, kinontento ang sarili na akay ng yaya nito. Si Katherine naman ay tahimik lang sa tabi niya.

“Mommy doesn’t walk like that with Daddy,” ani Katherine.

Narinig iyon ni James. “Why? Do you remember her?”

“No,” sagot nito na sinulyapan ang kapatid. “But I think... lagi akong karga ni Mommy, so... paano siya makakahawak kay Daddy?”

Tinanggap ni James ang rason ng kapatid. Natatandaan kasi nito na nanay na nanay ang dating ng kanilang ina lalo na kapag namamasyal sila. Hindi kasi ugali ng kanilang mommy na magsama ng tagapag-alaga kapag lumalabas silang pamilya.

Nang kumakain na sila sa restaurant ay may ilang kaibigan si Jaime na lumapit para bumati. Kilala rin ng mga ito si Gemma.

“Who’s the new company?” tanong ng isang

babaeng nakatingin kay Carmina.

Si Gemma ang sumagot. “Ah, she’s Yaya Mina,” tugon nito na may ngiti man sa mga labi ay matalas naman ang ekspresyon ng mga mata.

Napayuko na lamang ang dalaga, nagsisisi kung bakit siya napapayag na isuot ang mapusyaw na asul na damit na iyon.

Simple lang ang yari ng damit ngunit halatang mamahalin. Malambot ang materyal niyon, sabrina ang neckline at may maliliit na manggas. Hapit ang tabas sa katawan na nag-flare sa laylayan. Ang napili niyang sapin sa paa ay isang satinang sandalyas na mababa ang takong. Hindi siya nag-makeup dahil wala naman siyang pang-makeup. Hinapit niya lang ang kanyang buhok upang itirintas at humiram ng lasong puti kay Katherine bilang panali.

“Ah, yaya,” tugon ng babae nagtanong. “How gracious of Jaime to take the governess along.”

Matapos ang mga batian ay umalis na kaagad ang mga kaibigan ni Jaime.

“Hindi mo dapat sinabi iyon, Gemma,” sita ni Jaime sa hipag nang makaalis ang mga kaibigan.

“What’s the point in telling a lie? Iyon naman

talaga ang totoo,” tugon ng babae na nakataas ang kilay at antipatikang nakatingin kay Carmina. “Napakabait mo naman, Jaime. Anyway, they’ll know sooner or later dahil baka one of these days ay mapadalaw sila sa villa. Ano na lang ang sasabihin nila kapag nakita nila si Yaya Mina na nakauniporme ng tagapag-alaga at habul-habol sina James at Katherine sa hardin?”

Hindi na lang umimik si Jaime. Para rito, may iba pang paraan para maipakilala si Carmina na hindi naman malayo sa katotohanan. *She could have said Carmina is one of our employees!*

Nang mawalan ng imik ang bayaw ay inamu-amo ito ni Gemma. “Come on, Jaime,” anito. “Don’t be mad dahil naging tactless ako. Hayaan mo, sa susunod ay hindi na gan’on ang sasabihin ko, I’ll be very, very nice to Yaya Mina.”

At para mapatunayang sincere ito ay bumaling pa ito sa dalaga at humingi ng sorry.

“Wala po ’yon,” sagot niya na pilit lunukin ang pagkaing matagal din niyang nginuya pero tila bumara pa sa kanyang lalamunan.

Bumalikwas si Carmina at nagpasyang lumabas

ng kanyang silid. Bigla siyang nakadama ng pagkauhaw.

Walang sapin sa paa na bumaba siya ng hagdan. Nakadama siya ng ginaw nang lumapat sa marmol na sahig ang kanyang mga talampakan. Laking gulat niya dahil bukas ang ilaw sa kusina at may tao roon.

Biglang tumunog ang malaking orasan. Hatinggabi na.

“O, ba’t gising ka pa?” maamong tanong ni Jaime nang makita siya sa entrance ng kusina. Kasalukuyan itong nagsasalin ng fresh milk mula sa karton sa isang mataas na baso. “Hindi ka rin makatulog?”

“Nauuhaw po ako,” kiming tugon niya.

“Gusto mo ng gatas?” alok nito.

“Tubig lang po.”

“Gatas na lang,” pilit nito na naglabas pa ng isang baso at ipinagsalin siya roon. “Aantukin ka na pagkainom mo ng gatas,” paniniguro nito. “Iyan din kasi ang pampaantok ko.”

Mukhang napaka-domesticated ni Jaime habang ipinagsasalin siya ng gatas. Naka-pajamas na ito at wala na sa hitsura ang pagiging executive. Sa mga sandaling iyon, isa lang itong pangkaraniwang lalaki

na ang problema ay kung paano aantukin.

“Dito tayo sa mesa,” anyaya nito sa kanya sa may mesang marmol. Napansin nito ang yapak na mga paa niya. “Hindi ka ba nilalamig at wala kang tsinelas?”

“Hindi po,” nanginginig niyang sagot.

“Hindi po,” ulit ni Jaime na ginaya ang nginig sa boses ng dalaga.

Nilisan nito sandali ang kusina, pagbalik ay may dala nang tsinelas-pambahay.

Nahulaan ni Carmina na kinuha iyon ng lalaki sa silid na kinalalagyan ng mga gamit ng yumao nitong asawa.

“O, isuot mo ’yan,” anito na inilapag sa may paanan niya ang mga tsinelas.

Naroon na rin lang naman siya at kaharap ang amo, hindi niya natiis ang isiwalat ang saloobin. “Nais ko po sanang humingi ng dispensa,” kiming simula niya, tangan ang baso ng gatas at doon nakatitig.

“Para saan?” takang tanong nito.

“Dahil... isinuot ko po ang damit ng asawa n’yo,” tugon niyang nangiligkig na sa ginaw.

Napatingin si Jaime sa paanan ng dalaga. Hindi

Akin Ang Iyong Mga Pangarap - Ava Trinidad

pa rin niya suot ang mga tsinelas. “Sabi ko’y isuot mo ang mga ito.”

Walang kaabug-abog na yumukod ito sa may paanan niya at isinuot ang mga tsinelas sa mga paa niyang nanlalamig.